**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**BATANGAS CITY**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON SEPTEMBER 3, 2019 AT THE SANGGUNIAN SESSION HALL**

**PRESENT:**

| | |
|---|---|
| Hon. Emilio Francisco A. Berberabe Jr., | Presiding Officer |
| Hon. Alyssa Renee A. Cruz, | Councilor |
| Hon. Nestor E. Dimacuha, | " |
| Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted, | " |
| Hon. Gerardo A. Dela Roca, | " |
| Hon. Oliver Z. Macatangay, | " |
| Hon. Nelson J. Chavez, | " |
| Hon. Julian B. Villena, | " |
| Hon. Julian Pedro M. Pastor, | " |
| Hon. Isidra M. Atienza, | " |
| Hon. Maria Aleth A. Lazarte, | " |
| Hon. Lorenzo A. Gamboa, Jr., | " |
| Hon. Marjorie A. Manalo, | SK-Fed. Pres. |
| Hon. Aileen Grace A. Montalbo, (O.B.) | Councilor |
| Hon. Angelito "Dondon" A. Dimacuha, (O.B.) | ABC-Rep. |

"On motion of Councilor Buted seconded by Councilor Villena, the following Resolution was Adopted:

**RESOLUTION NO. 280 S. 2019**

**APPROVING BARANGAY ORDINANCE NO. 2 S. 2019 OF BARANGAY CONCEPCION, BATANGAS CITY**

**RESOLVED,** to approve Barangay Ordinance No. 2 S. 2019 of Barangay Concepcion, Batangas City entitled: "Ordinansang Nagtatakda ng Angkop at Tamang Pananamit ng mga Empleyado o Nagtatrabaho, kasama na ang mga Opisyal ng Barangay sa Pagpasok sa Gusali ng Pamahalaang Barangay Upang Gumanap ng kani-kanilang mga Tungkulin".

**UNANIMOUSLY APPROVED."**

**Continuation of Resolution No. 280 S. 2019**

**APPROVING BARANGAY ORDINANCE NO. 2 S. 2019 OF BARANGAY CONCEPCION, BATANGAS CITY**

---

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 280 S. 2019 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on September 3, 2019.

**ROSEMARIE T. HERNANDEZ**
Board Secretary IV
Sangguniang Panlungsod

**NOTED:**

**ATTY. OLIVA D. TELEGATOS**
Secretary
Sangguniang Panlungsod

**ATTESTED:**

**EMILIO FRANCISCO A. BERBERABE JR.**
Presiding Officer

**ODT/RTH/ystingchuy…**

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BARANGAY
Barangay Concepcion
Batangas City

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANGLUNGSOD
Batangas City

**To Whom This May Concern:**

**Greetings!**

We are respectfully and officially endorsing to your good office a copy of our Barangay Ordinance No. 2-2019: "**Ordinansang Nagtatakda ng Angkop at Tamang Pananamit ng mga Empleyado o Nagtatrabaho, Kasama na ang mga Opisyal ng Barangay, sa Pagpasok sa Gusali ng Pamahalaang Barangay Upang Gumanap ng Kani-Kanilang mga Tungkulin",** for your proper disposition and approval.

Thank you very much.

CESAR E. PETALINO
Punong Barangay

Republika ng Pilipinas
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BARANGAY**
Barangay Concepcion
Lungsod ng Batangas

**HALAW SA KATITIKAN NG UNANG BUWANANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NG CONCEPCION, LUNGSOD NG BATANGAS, NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NOONG IKA-10 NG AGOSTO, 2019.**

**Dumalo:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Cesar E. Petalino | Punong Barangay |
| Kgg. Demetrio B. Moraleja | Kagawad |
| Kgg. Rodolfo M. Oloc-Oloc | Kagawad |
| Kgg. Nelson P. Sastado | Kagawad |
| Kgg. Donato P. Plata | Kagawad |
| Kgg. Nelly Rose L. Macatangay | Kagawad |
| Kgg. Eufronio C. Dalisay | Kagawad |
| Kgg. Leonila A. Jumarang | Kagawad |
| Kgg. Christian Lee M. Orense | SK Chairman |

"Sa mosyon ni Kgd. Jumarang na pinangalawahan ni Kgd. Sastado, ang sumusunod na Resolusyon ay napagkayarian":

**RESOLUSYON BLG. 18-2019**

PAGPAPATIBAY SA ORDINANSANG PAMBARANGAY BLG. 2-2019 NG BARANGAY CONCEPCION, LUNGSOD NG BATANGAS NA MAY PAMAGAT NA: ORDINANSANG NAGTATAKDA NG ANGKOP AT TAMANG PANANAMIT NG MGA EMPLEYADO O NAGTATRABAHO, KASAMA NA ANG MGA OPISYAL NG BARANGAY, SA PAGPASOK SA GUSALI NG PAMAHALAANG BARANGAY UPANG GUMANAP NG KANI-KANILANG MGA TUNGKULIN".

**PINAGTIBAY**, na aprubahan ang Ordinansang Pambarangay Blg. 2-2019 ng Barangay Concepcion, Lungsod ng Batangas, na may pamagat na: **"Ordinansang Nagtatakda ng Angkop at Tamang Pananamit ng mga Empleyado o Nagtatrabaho, Kasama na ang mga Opisyal ng Barangay, sa Pagpasok sa Gusali ng Pamahalaang Barangay Upang Gumanap ng Kani-Kanilang mga Tungkulin".**

**INAPRUBAHAN NANG MAGKAKAISA.**

---

Pinatutunayan ko na ang Resolusyon Blg. 18-2019, ay inaprubahan ng Sangguniang Barangay ng Concepcion, Lungsod ng Batangas, sa kanilang Regular na Sesyong ginanap noong ika-10 ng Agosto, 2019.

**RICARDO A. BALASON**
Kalihim ng Barangay

**Patotoo:**

**CESAR E. PETALINO**
Punong Barangay

Republika ng Pilipinas
TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BARANGAY
Barangay Concepcion
Lungsod ng Batangas

**ORDINANSANG PAMBARANGAY BLG. 2-2019**

ORDINANSANG NAGTATAKDA NG ANGKOP AT TAMANG PANANAMIT NG MGA EMPLEYADO O NAGTATRABAHO, KASAMA NA ANG MGA OPISYAL NG BARANGAY, SA PAGPASOK SA GUSALI NG PAMAHALAANG BARANGAY UPANG GUMANAP NG KANI-KANILANG MGA TUNGKULIN.

SAPAGKAT, alinsunod sa mga probisyon ng Batas Republika Blg. 6713 (*Code of Conduct and Ethical Standards)* na sa pamamagitan nito ay ipinag-uutos ng barangay ang tama at angkop na kasuotan sa pagpasok sa loob ng gusali ng Pamahalaang Barangay para gumanap ng kani-kanilang tungkulin;

SAPAGKAT, hindi maganda sa paningin ng mga nakakakita lalo na sa mga bisita ang pagsusuot ng hindi tama at angkop na pananamit ng mga opisyal at empleyado ng barangay kasama na ang mga Barangay Tanod;

NGAYON, NANG DAHIL DITO, sa bisa ng kapangyarihang iginawad ng batas, pinagtitibay ng Sangguniang Barangay ng Concepcion, Lungsod ng Batangas, ang mga sumusunod:

**Seksyon 1.** Maikling Titulo

Ang Ordinansang ito ay makikilala bilang "Ordinansang Pambarangay para sa tama at angkop na pananamit".

**Seksyon 2. Nasasaklaw** – Saklaw ng Ordinansang ito ang lahat ng mga opisyal ng barangay, mga itinalagang kawani at mga barangay tanod.

**Seksyon 3.** Ipinagbabawal na Kasuotan o Pananamit sa mga Opisyal ng Barangay, mga Itinalagang Kawani at mga Barangay Tanod sa Oras nang Pagganap ng Kani-kanilang Tungkulin.

3.1 Aninag o *net-like shirt* o blusa (para sa mga babae).
3.2 Sando, strapless o spaghetti-strap blusa (maliban kung isinusuot bilang isang *undershirt)* at blusang may sobrang pabulusok pababa (para sa mga lalake at babae).
3.3 Maigsing *mini skirt*, maikling *shorts, cycling shorts, jogging pants (para sa babae at lalake).*
3.4 Goma sandals, goma tsinelas at bakya.
3.5 Pagpapakita ng alahas ng iba sa oras ng trabaho maliban sa mga espesyal na okasyon at sa mga opisyal na pagdiriwang.
3.6 Pagsusuot ng mabigat o *theatrical make-up* at paggamit ng *curler,* turban, bandana sa oras ng opisina at sa loob ng mga tanggapan ng opisina.

**Seksyon 4.** Mga Kasuotan o Pananamit na Pinapayagan

4.1 Kapag ang katangian ng trabaho ng opisyal o empleyado o tanod ay humihingi na siya ay magsuot ng damit na iba kaysa sa mga ipinag-uutos sa itaas.
4.2 Kapag ang relihiyosong pagsapi o kredo o anumang lehitimong kaugalian ng opisyal, empleyado o tanod na may kinalaman dito, ay nangangailangan sa kanya na magsuot ng isang partikular na damit.
4.3 Pisikal na kapansanan at iba pang mga lehitimong kadahilanang pangkalusugan.
4.4 Ang mga buntis na babaeng empleyado ay pinapayagan na magsuot ng *maternity dress* sa panahon ng kanilang pagbubuntis.

4.5 Ang mga empleyado na nawalan ng isang minamahal ay maaaring magsuot ng mga damit ng pagluluksa sa panahon ng pagdadalamhati at iba pang mga pangyayari katulad nang naunang nabanggit.

**Seksyon 5.** Administratibong Multa o Bayad sa Pagsasaayos

Ang sino mang lalabag sa Ordinansang ito ay maaaring magsaayos ng kanyang paglabag sa loob ng apatnapu't (48) walong oras mula sa kanyang pagkahuli, ayon sa sumusunod:

1. Unang Paglabag – multang Php100.00
2. Ikalawang Paglabag – multang Php300.00
3. Ikatlong Paglabag – multang Php500.00
4. Ika-apat na Paglabag at sa mga susunod pang paglabag ay papatawan ng multang Php1,000.00.
5. Ang lahat ng multang malilikom ay ipapasok sa pondo ng barangay at gagamitin sa mga proyektong pambarangay.

**Seksyon 6.** Kaparusahang Maipapataw ng Hukuman

Ang sino mang lumabag sa Ordinansang ito na hindi makakabayad ng administratibong multa na nasasaad sa sinusundang bahagi nito sa loob ng panahong nabanggit ay sasampahan ng kaso sa hukuman at siya ay maaaring maparusahan ng multang hindi bababa sa Php100.00 ngunit hindi tataas sa halagang Php1,000.00 ayon sa diskresyon ng hukuman. Kung sakaling walang maibayad sa multa ang lumabag, magpapataw ang hukuman ng "Subsidiary Imprisonment" na isang araw sa bawat Php100.00 multa.

**Seksyon 7.** Talatang Nagpapawalang-bisa

Lahat ng probisyon ng ano mang ordinansa, resolusyon o atas pampangasiwaan ng Barangay na sumasalungat o hindi umaayon sa Ordinansang ito ay mawawalan ng bisa o kaya'y mababago.

**Seksyon 8.** Talatang Nagbubukod

Kung sa ano mang dahilan at ang alinmang bahagi ng Ordinansang ito ay mapatunayang labag sa Saligang Batas o mapawalang-bisa, ang ibang bahagi nito na hindi saklaw ng paglabag ay magpapatuloy sa pagkakabisa.

**Seksyon 9.** Pagkakabisa

Ang Ordinansang ito ay magkakabisa makalipas ang sampung (10) araw mula sa pagpapatibay ng Sangguniang Panglungsod.

**ISINABATAS** ng Sangguniang Barangay ng Barangay Concepcion, Lungsod ng Batangas, noong ika-10 ng Agosto, 2019.

**CESAR E. PETALINO**
Punong Barangay

**Patotoo:**

**RICARDO A. BALASON**
Kalihim ng Barangay